# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG PEBRERO 14, 2025, BIYERNES, IKA-10:25 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Laura P. Obligacion ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Mark Anthony M. Juangco ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven ..... | Kagawad – legal reason |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat ..... | Kagawad |

RECORDED 06 MAR 2025 SANGGUNIANG BAYAN OFFICE Santa Cruz, Laguna

OFFICE OF THE SANG... RELEASED NAME DATE 07 MAR 202.. TIME ... STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 068-T2025**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG TAUNANG BADYET PARA SA TAONG 2025 NG BARANGAY POBLACION IV, BAYANG ITO NA NAGKAKAHALAGA NG TATLONG MILYON LIMANG DAAN WALUMPU'T DALAWANG LIBO ANIMNARAAN TATLUMPU'T SIYAM NA PISO (P3,582,639.00) NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 076-T2024/ KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 04-T2024.**

**SAPAGKAT**, iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang Kapasiyahan Blg. 076-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2024 ng Sangguniang Barangay ng Poblacion IV para sa Taunang Badyet taong 2025 ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT**, ito ay dumaan sa pagsusuri ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs ng Sangguniang Bayan;

**SAPAGKAT,** matapos ang pagtalakay at malaman ang isinagawang badyet para sa mga pantauhan, pangkagamitang pangangailangan at mentinansya ng barangay ay inirekomenda ng Kasapi ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan na pagtibayin na ang Taunang Badyet ng nabanggit na barangay;

**SAPAGKAT,** anuman ang gawing pagbabago at paglalabas ng pondo ay pananagutan ito ng Sangguniang Barangay ng Poblacion IV.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. ( Kasapi ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Taunang Badyet para sa taong 2025 ng Barangay Poblacion IV, bayang ito na nagkakahalaga ng P3,582,639.00 na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 076-T2024 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 04-T2024.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay Poblacion IV, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Pebrero 14, 2025.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

3/6/25

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

LAM/CEL 25

03525 210